

1

Humahangos na umakyat ng hagdanan si Alyssa patungo sa silid ng kanyang best friend na si Giselle. Tumawag ito sa kanya, humahagulgol at sinabing puntahan niya ito sa bahay.

Halos hindi na siya nakapagpaalam sa kanyang Kuya Alex—na siya ring boss niya sa *Caffeine Fix*, ang coffee shop kung saan siya kasalukuyang nagtatrabaho—bago siya patakbong lumabas ng kusina. Suot pa nga rin niya ang violet na apron na bahagi ng kanyang uniporme.

“Gi,” tawag niya sa pintuan habang malakas na kumakatok. “Gi, nandito na ako. Buksan mo ang pinto.”

Nang magbukas iyon, namilog ang mga mata ni Alyssa sa nakita. Nakatayo roon ang maganda, chinita, mestisa at crush-ng-bayan niyang best friend mula pa noong kindergarten. Namamaga ang mga mata nito sa kaiiyak at... puno ng maliliit na pulang pantal ang mga braso at mukha.

“Ano’ng...” kunot-noo niyang simula.

“God, Ayie,” hagulgol nito bago hinagis ang sarili

sa kanya. Sinalo niya ang babae at niyakap na rin ito. “May bulutong ako!”

Saglit siyang natigilan, hindi alam kung ano ang mas gusto niyang gawin sa kanyang best friend, ang hambalusin ito, o iuntog sa dingding dahil sa matinding takot na nadama niya dahil dito gayong may bulutong lang pala ito. Itinulak niya si Giselle palayo.

“Yun lang?” sigaw niya rito. “Matapos mong bawasan ng sampung taon ang buhay ko dahil inakala kong nap’ano ka na o may nangyari na sa parents mo? Iyon pala, may bulutong ka lang.”

Kumurap ang kanyang best friend, nangingilid pa rin ang luha. Suot nito ang ekspresyon ng matinding hinanakit na alam ni Alyssa ay araw-araw nitong pina-practice sa harap ng salamin.

“Ito lang?” ulit nito. “Lang? Nila-lang mo itong nangyari sa ’kin?”

Mahigpit na pumikit si Alyssa, nagpigil ng paghinga at bumilang hanggang sampu. Bata pa sila, nabibiktima na si Alyssa ng drama queen niyang best friend. Ang masama, hindi siya matuto-tuto. At alam ni Giselle na masyado niya itong mahal para saktan dahil lang sa OA nitong dramatics.

Nang medyo mas kalmado na siya, muli siyang nagmulat ng mga mata. “Nasa trabaho ako, lunchtime. Iniwan ko si Kuya Alex sa tindahan na dalawa lang sila ni Heidi, dahil akala ko may emergency ka.”

“Emergency ito!” bulalas ni Giselle na nagtungo sa tabi ng desk nito at itinuro ang isang kalendaryong may larawan ng anim na napaka-cute na mga Pomeranian. Itinuro nito ang petsa na napapaligiran ng isang pusong iginuhit gamit ang isang pulang marker. “Bukas na dapat ’yung date namin ni Tyler! At ito pa ngayon! Binulutong pa ako!”

Tinakpan nito ng mga palad ang mukha bago nagpatihulog papahiga sa kama. Muli itong nagsimulang humagulgol.

Agad na na-guilty si Alyssa. Nalimutan talaga niya ang tungkol sa date nina Giselle at ng forever crush and idol nitong si Tyler Castañeda, ang hero sa kasalukuyang number one primetime teleserye, star ng kasalukuyang top-grossing blockbuster movie, highest paid print ad and commercial model at, ayon sa kaibigan, newly single at broken-hearted.

Kung may perpektong oras para makilala at makausap ang binata, ngayon na iyon. O bukas, as the case may be, kung kailan naka-schedule ang date nina Giselle at Tyler.

Nang malaman ng kanyang best friend na ito ang nanalo ng date na pakulo ng management team ng actor para i-promote ang susunod nitong pagbibidahang pelikula, nagtitili sa gitna ng coffee shop si Giselle at nilibre ng kape ang lahat—as in *lahat!*—ng customers nila na naroon.

Wala itong ibang bukambibig kundi Tyler this, Tyler that, itong teleserye na ito, iyong pelikula na iyon. Lahat din ng produktong inendorso ng lalaki ay tinangkilik nito. Kahit pa ang men’s facial wash, binibili ng dalaga para gamitin ng tatay at ng mga kapatid nitong lalaki. Wala nang bigger fan si Tyler Castañeda kaysa kay Giselle, maliban na lang siguro ang sariling ina ng lalaki.

Pagkatapos ngayon...

“Oh, my gosh, Gi.” Naupo si Alyssa sa tabi nito sa kama, at humihikbing nagsumiksik sa kanyang tagiliran ang kanyang kaibigan. Hinaplos niya ang buhok nito. “I’m sorry.”

“Super disappointed lang ako,” sinisinok nang anito. “Once in a lifetime na ’to, Ayie. Hindi pa natuloy. Nakakainis kasing bata ’yun, eh! Kung bakit pumasok pa!”

Kindergarten teacher si Giselle. Hindi maiiwasang

may ganitong mga pangyayari.

“I’m sure hindi naman alam n’ung bata na may chicken pox siya,” sagot ni Alyssa. Suminghot lang ang kaibigan. “Look, kailangan ko nang bumalik sa trabaho. Actually, uuwi pa ’ko para maligo at magbihis dahil baka kumapit sa ’kin ang germies mo. Babalikan na lang kita mamayang gabi. Gusto mo dalhan kita ng cheesecake mamaya pagkatapos ng shift ko?”

Tiningala siya nito, nakalabi, basa ang mga mata. “Oreo?” parang bata nitong tanong.

Ngumiti si Alyssa. “Sige.”

Tumuwid na si Giselle at tumayo na siya. “Sabihin mo kay Kuya Alex, pasensya na ha. Naistorbo ko na naman ang buhay niya.”

“Okay lang ’yun. Sanay na ’yun sa ’yo.” Muling ngumiti si Alyssa pero nakakunot ang noo ng kaibigan sa kanya. Tinaasan niya ito ng mga kilay. “Bakit?”

“Rest day mo bukas, di ba?” tanong nito na wala sa sariling kinakamot ang isang pantal sa likod ng kamay nito.

Mabagal na tumango si Alyssa, hindi naiintindihan ang gustong ipahiwatig ng kaibigan. Lalo siyang kinabahan nang mamilog ang mga mata nito.

“Oh, my God. May idea ako,” excited na saad ni Giselle.

“Kagaya ba ’yan ng idea mo na nakawin natin ang kotse ng daddy mo?” tanong ni Alyssa.

“Hindi—”

“Para makapag-drive ka palabas ng subdivision papunta sa mall?”

“Iba ’to—”

“Para mahabol mo ’yung mall tour ni Tyler?”

“Hindi nga—”

“Habang wala pa tayong lisensyang dalawa?”

Pumalatak ang kaibigan. “Hindi mo pa rin ba ako patatawarin para d’un? Eight years ago na ’yun!”

Humalukipkip si Alyssa. “No. Not really. Dahil kung nahuli tayo ng pulis...”

“Eh, hindi naman tayo nahuli—”

Gumawa ng tunog si Alyssa kasabay ng pagsenyas ng isang kamay. Tumirik ang mga mata ni Giselle.

“Ipinangako ko naman nang hindi na tayo gagawa ng ganung klaseng kalokohan, di ba?” tanong nito na may frustrated na buntong-hininga bago itinaas ang

sarili hanggang sa nakaluhod na ito sa kama. “Paano kung ikaw ang makipag-date kay Tyler bukas?”

Pinandilatan niya ang kaibigan at itinuro ang sarili bago ang best friend bago ang sarili ulit. “Ako? Sa tingin mo, mapapagkamalan nilang ikaw ako?”

“Hindi. Kakausapin ko ’yung coordinator. Close na kami, eh.”

Of course! Iyon ang personality ni Giselle. Kahit cobra, kaya nitong paamuhin. Isang ngiti lang.

“Sasabihin ko sa kanya na may sakit ako at kung p’wede, ikaw na lang ang representative ko,” dugtong nito.

“Sa tingin mo, hindi unfair iyon sa mga sumali sa contest na talagang nag-effort at gumastos sa text para sila ang mapili sa raffle?” tanong ni Alyssa.

“Sa tingin mo, hindi unfair sa ’kin na nag-effort at gumastos sa text para mapili sa raffle at nanalo na, mind you, pero imbis na isang dream date kasama ng dream man ko, isang linggo akong mangangati at hindi p’wedeng lumabas dahil may bulutong ako?” Palakas nang palakas ang tinig ni Giselle. “Nasaan ang hustisya doon, Ayie? Nasaan?”

Bumuga ng hangin si Alyssa. May plano siya para

sa nag-iisang araw sa isang linggo na sa kanya lang, na hindi niya kailangang magtimpla ng kape para sa ibang tao, na hindi niya kailangang maghapon nakangiti at makipag-small talk.

Gusto niyang gumising nang tanghali, magpa-deliver ng pizza at manood ng DVDs ng mga pelikula ni Henry Cavill buong araw. She was fiercely possessive of her days off. Mukhang napurnada na naman ang mga plano niya.

Wala siyang hilig sa artista—maliban kay Henry—at walang balak makipag-date—kundi rin lang si Henry—pero ito na nga. Ano pa ba ang choice niya?

“Okay, fine. Itanong mo sa coordinator kung p’wede mo akong proxy at makikipag-date ako d’yan sa Tyler na ’yan. Pero you owe me!”

Muling tumili si Giselle at nilundag siya para yakapin. “I love you! You’re the best friend any girl could ever have!”

“Yeah, yeah,” tawa ni Alyssa saka niyakap muli ang kaibigan. Naglakad na siya patungo sa pinto. “Ipaalam mo lang sa ’kin mamaya kung ano ang plano. Babalik ako ng mga seven.”

“Okay. See you, and Ayie?” Nilingon niya si

Giselle. “Thank you.”

“You’re welcome.”

Kumaway sa mga nagtitiliang kababaihan si Tyler Castañeda bago tuluyang sumakay sa backseat ng SUV.

Sa wakas, tapos na rin ang guest appearance niya sa sikat na noontime show kung saan nagsasayaw siya at nagkakanta para i-promote ang bago niyang pelikula kahit wala sa dalawa ang talent niya. Pero hindi ang song and dance number ang awkward doon, kundi ang partner niya sa song and dance number—ang ka-love team at very recent ex niyang si Shanice Francisco.

Ang hirap talagang kumita ng pera.

“Please, p’wede na ba tayong kumain ngayon?” tanong niya sa personal assistant na si Pauley.

Ngumiti ito. “*Jollibee?*”

Excited siyang tumango. Dahil commercial model siya ng fast food chain na mahigpit na kalaban ng restaurant na iyon, patago kung kumain ng *Jolly Spaghetti* si Tyler. Hindi naman sa nagtataksil siya o isinasawalang-bahala ang kasunduan nila ng kabilang

fast food chain. Wala naman talagang nakakakita sa kanyang kumakain sa *Jollibee*. Iyon nga lang, mahirap talikuran ang spaghetti na staple food niya mula pa noong bata siya.

Kinuha ni Pauley ang takeout bag mula sa passenger's seat.

Halos hablutin iyon ni Tyler. "I love you. Nasabi ko na ba sa 'yong I love you?" aniya.

Bumungisngis ang babae. "Oo, kaya mag-ingat ka kasi susuntukin ka na naman ng asawa ko."

"Selosong unggoy kasi 'yang asawa mo."

"Sus. Hindi pa kasi niya alam noon na pinsan kita," pagtatanggol nito sa selosong unggoy na pinakasalan nito.

"Ano'ng susunod ngayong araw?" tanong ni Tyler habang maingat na kinakain ang spaghetti sa loob ng umaandar na kotse.

"Wala na. Na-move 'yung isa mong interview. Sa Sabado na lang daw ang taping kung available ka, which you are, kaya libre ka na ngayong hapon."

"Yes!"

"Bukas, wala akong ni-schedule puwera d'un sa

date ninyo n'ung nanalo sa contest, si Giselle. Six p.m. 'yun," paalala ni Pauley.

"P'wede bang sa bahay na lang 'yun? 'Tapos *Jolly Spaghetti* ang dinner namin?"

Tumawa ang pinsan.

"No. Huwag kang mag-alala. Nakaplano naman na 'yung date ninyo. Susunduin n'yo siya ni Manong Ray sa bahay nila. May short interview kayo bago kayo magpupunta sa restaurant for pictures. Pagkatapos niyon, okay na. P'wede na kayong mag-dinner in peace. Kayo na'ng bahala kung gusto n'yong pahabain ang gabi." Kumindat-kindat si Pauley.

Tumirik ang mga mata ni Tyler. Hindi siya makapagsalita dahil puno ng spaghetti ang kanyang bibig. Pass muna siya sa romance o sa sinasabi ng pinsan na, 'pagpapahaba ng gabi'. Hindi pa siya nakaka-recover kay Shanice.

Kung puwede nga rin sanang huwag na niyang ituloy ito dahil wala siya sa mood makipag-date, romantic or otherwise. Ayaw niyang makipag-usap kahit na kanino, lalo na sa isang fan sa mga panahon na ito. Pero naka-commit na siya. Isa pa, ayaw naman niyang ma-disappoint ang tagahanga.

Isa ang binata sa mga artistang naniniwalang

utang niya sa fans ang lahat ng mayroon siya ngayon. Kung wala ang mga fans niya, wala rin siya. Kaya hindi siya nagpapalampas ng pagkakataong mapasalamatan ang mga ito.

Every other month, nag-o-organize si Pauley ng merienda o dinner para sa mga miyembro ng kanyang fans' club. At hindi siya tumatangging pumirma ng autograph o magpakuha ng picture. Hindi na bale kung gaano siya kapagod.

Kung hindi lang dahil sa pinsan at sa driver-slash-bodyguard niyang si Manong Ray na gigiya sa kanya pasakay ng kotse, maghapon at magdamag siyang tatayo roon, pumipirma at ngumingiti para sa mga larawan kasama ng mga fans.

Itong date na ito na napanalunan ni Giselle? Maliit na bagay lang ito kung tutuusin kaya titiisin niya.

Who knows? He might even enjoy himself.

2

Hindi akalain ni Alyssa na magiging ganitong kanakakaloka ang araw na ito. Nag-overnight na siya sa bahay nina Giselle dahil whole day affair pala ang date na ito kasama si Tyler. Sana hindi halata sa interview niya noong umaga na mas gusto pa niyang magpa-root canal nang walang anesthesia kaysa magpa-interview.

Pagkatapos, pinag-shopping siya ng team nito sa isang sosyal na shopping mall bago siya dinala sa isang spa at beauty salon para sa isang total makeover.

Hindi naman sa wala siyang utang na loob dahil, hey, libreng makeover. Iyon nga lang, hindi siya mahilig sa shopping, salons at spas. Mas gusto niya ang restaurants, bookstores at coffee shops.

Mas malala pa, may kabuntot siyang camera mula nang matapos ang interview kanina sa bahay nina Giselle hanggang ngayong pauwi na sila para masundo siya ni Tyler.

Kung ganito kahirap mag-ayos para sa isang date, no wonder hindi siya nag-e-effort. Nakakapagod, ah!

Ngayon naman, naghahabulan sila ni Giselle sa

silid.

“Huwag!” mariing saad ni Alyssa habang nakasandal siya sa pinto ng cabinet, nakataas ang mga kamay sa isang defensive posture at nakaiwas ang mukha sa makeup brush na winawagayway ng kaibigan. “Alam mo ba kung ilang beses nang winalis ng beautician ang mukha ko ngayong araw?”

Pumalatak ito at namaywang. “Ano ka ba! Kanina ka pa na-makeup-an. Makikipag-date ka kay Tyler Castañeda nang hindi nagre-retouch?”

“Kailangan ba talagang Tyler Castañeda ang itawag natin sa kanya tuwing babanggitin natin ang pangalan niya?” pagbabago ni Alyssa sa usapan para ma-distract nang kaunti si Giselle.

“Siyempre hindi. Kapag mag-asawa na kami, ‘Ty’ na lang ang itatawag ko sa kanya.”

Nakatakas siya patungo sa banyo nang hindi nito natatapalan ng foundation ang kanyang mukha.

“Hoy! Lumabas ka d’yan!” sigaw ng kaibigan mula sa kabilang bahagi ng pinto.

“Tama na ’tong makeup ko! Isa pa, kadiri ’no! Ginamit mo ’yan sa bulutungin mong mukha ’tapos gagamitin mo sa ’kin?” Natigilan siya bago hinarap

ang pintuan at namaywang na tulad ni Giselle na para bang nakikita siya ng kaibigan. “Teka, wala ka bang *Lysol*? Baka mahawahan ko ng bulutong si Tyler Castañeda dahil galing ako sa ‘yo.”

“Nagkabulutong na siya,” saad ng tinig ng best friend.

“Wow, ah. Pati medical history niya alam mo?”

“Yup!” Muli nitong kinalampag ang pinto. “Lumabas ka na d’yan!”

“Teka lang!”

Hinarap ni Alyssa ang salamin para tingnan ang mukha roon. Minsan, kung mabigla siya, nagagandahan siya sa sarili. Mas madalas lang talagang wala siyang pakialam sa kanyang hitsura. Usually, tama na ang powder at lip gloss bago siya pumasok sa trabaho. Kaunting suklay, clip o ponytail, ayos na ang buhok niya.

Pero ngayon, suot ng dalaga ang ensemble na binili ng team ni Tyler para sa kanya, isang dark blue na bestidang hanggang itaas lang ng tuhod ni Alyssa. May isang pares siya ng danggling earrings sa mga tainga at isang lariat-style na kuwintas. Nakadantay sa pagitan ng kanyang dibdib ang kulay asul na mga kristal.

Bukod sa underwear, wala na siyang suot na personal na bagay. Pati ang sapatos niya ay bago. Pero hindi niya ipagsasapalaran ang kalusugan at kaligtasan para lang maging sexy ang mga binti sa stiletto heels na inalok ng stylist ng team ni Tyler kanina. Ballet flats ang pinili niyang ipabili.

“Fine! Panalo ka na!” tawag ng kanyang best friend. “Pero ayusin natin ang lipstick mo, please! Ayaw nating magmukha kang bangkay sa mga pictures.”

Nag-angat siya ng ulo at nagmartsa pabalik sa tapat ng pinto. Nang buksan niya iyon, nakahalukip si Giselle at naiinip na tinatapik ang paa sa sahig.

“Isa pa ’yan,” sabi niya. “Hindi mo sinabi sa ’kin na magiging media circus pala ’tong date na ’to.”

“Ay, di ko ba nasabi sa ’yo?” inosente nitong tanong. “Pero nabanggit ko naman sa ’yong kailangan nilang kumuha ng pics para sa issue ng isang mag next month, di ba?”

Nalaglag ang kanyang panga. Hindi nakatutol si Alyssa nang hilahin siya ng best friend patungo sa vanity at itinulak paupo sa upuan. Sa huli, hindi na siya nakatutol nang higit pa sa lipstick ang inayos ni Giselle sa mukha niya.

“Akala ko s’abi mo five-minute feature lang sa morning show ang kailangan nila?” nagpa-panic niyang tanong.

“Oo, ’yun saka magazine spread,” sagot nito sabay lagay ng powder sa ilong niya.

Diyos ko, ano ba ’tong pinasok ko?

At nang makuntento ang kanyang kaibigan sa hitsura niya, bumuntong-hininga ito. “Inggit na inggit ako sa ’yo,” nakalabi nitong pahayag bago nagkibit-balikat. “Oh, well. Basta kumuha ka ng maraming pictures saka huwag mong kalimutang papirmahan ’yang DVD ko. Naaalala mo pa ’yung sinabi kong isusulat niyang message? ‘To Giselle—”

“Oo, Gi. Naaalala ko.”

“At i-hold mo siya sa gate para masilip ko siya! Huwag mong kakalimutan!”

“Oo na.”

Narinig nila ang doorbell at lumundag si Giselle patungo sa bintana. “Oh, my gosh! Ayan na siya! Oh, my gosh! Oh, my gosh!”

Lumapit na rin si Alyssa. Sumilip siya sa bintana at nakita ang bubong ng isang puting SUV bago ang lalaking nakatayo sa gate. Medyo natatakpan ng

mga halaman na nakasabit sa mga rehas ng bakod ng bahay nina Giselle ang mukha nito pero alam ni Alyssa kung ano ang hitsura ng lalaki kaya hindi na siya masyadong nag-effort na masilip ito. Makikita rin naman niya si Tyler pagbaba niya. Isa pa, hindi siya masyadong na-excite dahil may kasama rin itong cameraman na kukuha sa reaksiyon nilang dalawa sa unang sandaling magkita sila. Diyos ko. Gaano ba ka-fake ito?

Muli siyang binalingan ni Giselle. Basa na naman ang mga mata nito pero niyakap siya. “Good luck. Have fun, and tell me everything pag-uwi mo.”

Niyakap niya ang dalaga. “I’m doing this for you, you know.”

“I know,” maramdamin nitong sagot bago siya sininghot sa gilid ng leeg at tumili ng, “Perfume!”

Nakaupo na sa sofa si Tyler, may hawak na isang baso ng iced tea habang hinihintay ang pagbaba ng kanyang ka-date. Nakita niya ang picture ni Giselle. She was pretty enough, with a nice, friendly smile. Isa itong kindergarten teacher at mukhang mabait naman. Pero nang papunta sila sa bahay ng dalaga, sinabi sa kanya ni Pauley na nabago ang plano.

Nagkasakit daw si Giselle at ang makaka-date niya ngayon ay best friend nitong si Alyssa.

Walang ideya ang binata kung ano ang hitsura ng huli kaya tunay na blind date ang pakiramdam ng paglabas nilang ito. Hindi rin siya masyadong nag-aalala. Hindi naman siya umaasang may uusbong na relasyon mula sa date na ito. Pakulo lang ito ng marketing team ng pelikulang pinagbibidahan niya.

“Ty, ready na raw,” tawag ni Pauley sa kanya at ibinaba niya ang baso ng iced tea. Inabot din niya ang balumbon ng tulips na ibibigay niya sa dalaga.

“Rolling,” sabi ng cameraman na nagtutok ng camera sa mukha niya. Isa pang camera ang tumutok naman sa hagdanan kung saan manggagaling ang ka-date ni Tyler.

Nag-angat siya ng mukha, hinihintay ang pagbaba ng dalaga. May maliit nang ngiti sa kanyang mga labi habang naghihintay. Isang maliit na ngiting mabagal na nawala kasabay ng pagbukas ng kanyang bibig nang sa wakas ay makita niya si Alyssa.

She was... beautiful. Hindi ito mukhang model. Hindi ito kasing-postura o porma ng kanyang ex na si Shanice but she was beautiful with an angelic face na hindi nakakasawang tingnan and a shy, uncertain

smile na napaka-charming.

Nagtama ang kanilang mga paningin at nagliwanag ang mga mata ng babae. Ngumisi si Tyler. Hindi niya alam kung bakit parang ang saya-saya niya, pero iyon ang pakiramdam niya nang lumapit siya kay Alyssa.

“Hi,” bati niya. “I’m Tyler.”

Tumawa ang babae. “Nice to meet you. I’m Alyssa.”

Inabot niya ang mga bulaklak dito at hinalikan sa pisngi ang dalaga. Nag-blush ito at nagpasalamat.

Pagkatapos ay iginiya sila ni Pauley sa sofa para sa kanilang pre-date interview.

“So what do you think?” nakangiting tanong ng kanyang personal assistant kay Alyssa.

Nagba-blush pa rin ito. “Speechless po ako,” mahiyain nitong sagot. “Hindi po ako makapaniwalang nandito ako ngayon.”

Naiintindihan ni Tyler. Hindi rin siya makapaniwala sa suwerte niya ngayon.

“Is he what you expected?” muling tanong ni Pauley.

Sinulyapan siya ni Alyssa, mapanukso itong nakangiti. “Better than expected,” tawa nito. “Definitely better po.”

Nahihiya na ring tumawa si Tyler.

“Ty?” udyok ng kanyang assistant at siya naman ang humarap sa camera.

“Excited ako sa date na ’to kanina pero kabadong-kabado rin ako,” amin niya bago sinulyapan si Alyssa. “But I think we’re going to have a great time.”

Matapos ang maiksing interview, nagpakuha sila ng pictures para sa magazine spread. At nang matapos iyon, tinulungan niyang sumakay si Alyssa sa SUV na minamaneho ni Manong Ray.

“Kumusta na ang kaibigan mo?” tanong niya nang magsimulang umandar ang sasakyan. “Si Giselle? Giselle ang pangalan niya, di ba?”

Nilingonsiyangdalaga. “Oo, si Giselle. Disappointed na disappointed siya pero nagpapasalamat pa rin siya na pinayagan n’yong ako na lang ang makipag-date sa ’yo imbis na ibigay sa iba ’yung prize. Kahit hindi raw siya ang makasama mo, mabibigyan ko naman siya ng firsthand account ng date natin.”

“Are you both...” Huminto si Tyler, naaasiwang

itanong kung fan niya ang mga ito. “I mean, do you watch... you know, my shows?”

Muling nag-blush si Alyssa. “Actually, mas fan mo si Giselle. Hindi talaga ako mahilig manood ng TV,” kagat-labi nitong amin na para bang nahihiya sa kanya. “I’m really sorry. Unfair sa mga totoong fans mo na hindi ko man lang napapanood ang teleserye mo.”

Pabirong bumuga ng hangin si Tyler at nagkunwaring nagpunas ng pawis sa noo. “Whew! Trust me, okay lang ’to. At least alam ko mamaya, kapag nag-usap tayo, may mga bagay ka pang hindi alam tungkol sa ’kin.”

“Well, super fan mo ang best friend ko,” sabi ng dalaga. “Saka aaminin kong nagbasa ako sa Internet tungkol sa ’yo. Pero, promise, marami akong hindi alam. Hindi ko alam ang shoe size at medical records mo.”

Muling tumawa si Tyler. Naaaliw siya kay Alyssa. “Huwag kang masyadong maniwala sa mga showbiz news website ha,” babala niya. “Marami sa mga balita d’un ang hindi totoo.”

Tumango ang kausap. “Okay. Itatanong ko muna sa ’yo kung totoo ang balita o hindi.”

Nagtaas siya ng dalawang kamay. “Ngayon pa lang, sasabihin ko nang single ako at wala akong dine-date. Kung may mabasa ka tungkol sa isang singer or actress or model, hindi ’yun totoo.”

Nagpigil ng ngiti ang dalaga. “Paano ’yung reality show contestant?”

“Hindi kami nagdi-date ni Stacey. Sabay lang kaming nag-lunch minsan. Isang beses lang, dahil nakasabay ko siyang mag-guest sa isang morning show,” paliwanag niya.

Bumungisngis si Alyssa hanggang sa nakangiti na lang silang nagtitinginan. He reached over to chuck her chin.

“I’m really glad ikaw ang nandito ngayon,” tapat niyang saad. “Ngayon pa lang, nag-e-enjoy na ako.”

Ngumiti ito sa kanya. “Ako rin.”

3

Hindi nagsisinungaling si Alyssa nang sabihin niyang hindi siya makapaniwalang naroon siya sa sitwasyong kinalalagyan sa kasalukuyan—sa gitna ng isang date kasama si Tyler. Masasabi kasi niyang ni sa panaginip, hindi niya talaga naisip na mangyayari iyon sa kanya. Pero nang makita niya sa personal ang binata, muntik na siyang mahulog sa hagdanan.

Mas guwapo pa pala ito sa personal kaysa sa naaalala niya, sa mga pictures at sa mga TV spots ng teleserye nito na napapanood niya kapag nagbubukas ng TV.

Guwapo, chinito, matangkad, malinis at super bango, he was definitely cute. At nang ngumiti ito ng isang ngiting mukhang sinsero at bukal sa kalooban, wala siyang ibang nagawa kundi ngumiti na rin ang lalaki. Naiintindihan na niya kung bakit nagkagusto si Giselle—at ang ilang milyong *Facebook* fans nito—sa binata. Bukod sa pagiging guwapo, kumikinang ang kabaitan at kagandahang-loob mula sa aktor.

Nang pumasok sila sa *Café Juanita* sa Burgos Circle, nahihiyang nanghingi ng paumanhin si Tyler sa mga kumakain na napatingin sa kanila nang

pahintuin sila ni Pauley sa may pintuan para kuhanan muli ng mga larawan.

Dahil naging friendly ang binata, may ilang mga naroon ang naglakas-loob na ring magpa-picture kaya kay Alyssa naman ito nanghingi ng paumanhin para mapagbigyan ang mga fans nito. Ang bait ni Tyler sa mga nagpa-picture dito. Nakatuon ang buong atensyon nito sa bawat isa sa kanila na para bang matagal na nitong kilala ang mga tagahanga, making them feel special. Sigurado ng dalaga na marami ang uuwi nang gabing iyon na mas in love pa sa lalaki.

Nang matapos ang mini-meet-and-greet, binati sila ng isang nakangiting server. Sinundan nila ito paakyat sa second floor kung saan sila giniya ng babae sa isang corner table sa tabi ng bintana kung saan tanaw nila ang kabuoan ng Burgos Circle. Kinuhanan silang muli ng mga larawan ng kasama nilang photographer.

Kung naniniwala si Alyssa na ninanakaw ng pagkuha ng larawan ang kaluluwa ng isang tao, ni anino ng kaluluwa niya ngayon, wala na sa dami ng pictures niya nang gabi na iyon.

“Pasensya ka na,” nahiihiya na namang sabi ni Tyler habang tinatanggap ang menu mula sa server. “I promise hindi ganito ang normal date routine ko.

Hindi ko pinapakunan ng picture ang bawat nguya ko kung hindi lang talaga para sa promotion 'tong ginagawa natin. Sana hindi ka ma-trauma at hindi na ulit lumabas kasama ko.”

Napaangat ng mukha si Alyssa sa binata pero nakatungo na ito sa menu, namimili ng gustong kainin. Teka, sinabi ba ni Tyler kung ano ang akala niyang narinig niyang sinabi nito? Gusto ulit ng lalaki na lumabas kasama niya?

“Okay lang,” aniya, nanunukat. “Next time, hindi natin sasabihin sa kanila kung saan tayo pupunta.”

Ito naman ang nag-angat ng mukha at masayang ngumiti sa kanya.

“Anyway, may gusto ka bang kainin? Hindi kinakain? Food allergies? Vegetarian ka ba? Carnivore? Omnivore?”

Tumawa ang dalaga. “Omnivore, mostly.”

“Ah,” tango ni Tyler bago muling tumungo sa menu.

Nag-order sila ng Caesar Salad, Garlic Chicken, Salmon Teriyaki at Thai Style Bagoong Rice. For dessert, Sticky Toffee Pudding.

“So,” sabi ni Tyler nang makaalis ang server

nila at naiwan sila—well, silang dalawa at si Pauley at dalawang photographer na nakaupo sa kabilang mesa. “Background kasi ni Giselle ang nabasa ko. Alam kong kindergarten teacher siya. Ikaw ba? What do you do?”

“Barista ako,” sagot niya. “May coffee shop ang kuya ko sa subdivision namin. Noong una, summer job lang namin ni Giselle, then, part-time job hanggang sa mag-graduate kami. Eh, habang naghahanap ako ng trabaho, na-realize ko na masaya ako sa pagiging barista kaya nilambing ko si Kuya na tanggapin na niya akong full-time.”

Natigilan si Alyssa bago tumawa. “Sorry. Tinanong mo lang kung ano ang ginagawa ko, binigyan na kita ng comprehensive history. ’Yun, barista.”

Tumawa rin si Tyler. “Okay lang ’yun. Mas madali para sa ’kin na maghanap ng susunod na tanong. May kuya ka, okay. Ilan kayong magkakapatid?”

“Dalawa lang. Eight years ang tanda sa ’kin ni Kuya pero parang twenty. Mature kasi siyang mag-isip kahit n’ung mga bata pa kami.”

“Nasaan ang parents n’yo?”

“Sa Davao. Taga-Davao si Mommy. Lumipat sila ni Daddy d’un two years ago, n’ung namatay ang

maternal grandfather ko. May farm kasi sila d'un. Nakapunta ka na bang Davao?"

"Strangely, hindi pa," sagot naman ni Tyler. "Pero matagal ko nang gusto."

Naging ganoon ang usapan nila, lumulukso mula isang topic hanggang sa bagong topic nang hindi nila pinlano, gaya ng lahat ng good conversations. Hanggang sa dumating ang kanilang pagkain at muli silang nilundag nina Pauley at ng mga photographers para kuhanan ng pictures.

Nang ma-picture-an na yata lahat ng anggulo ng salmon teriyaki at masigurong okay na silang dalawa, nakangiting nagpaalam si Pauley na bababa na. Sasama ito sa ibang mga miyembro ng management team ni Tyler na sa ibaba kumakain para bigyan sila ng privacy.

"Hay, salamat," buntong-hininga ni Tyler nang sa wakas ay umalis ang tatlo. "Akala ko pati mga pinggan nating walang laman, kukuhanan nila ng pictures!"

Bumungisngis si Alyssa. "Okay na endorsement 'yun para sa restaurant. Sa sobrang sarap ng pagkain nila, naubos mo'ng lahat ng inorder natin."

"Nagutom na 'ko sa kakakulit ni Pauley. Kahit tutong na kanin at tubig na may asin ang ihain nila

sa 'kin ngayon, uubusin ko pa rin.”

Inabot sa kanya ni Tyler ang serving plate ng kanin bago nito pinagsilbihan ang sarili.

“I’ll be honest,” sabi nito nang kumakain na sila. “Although unfair sa mga fans ko na sabihin ko ’to sa ’yo kaya sana huwag mong ipagkalat, I’m glad na ikaw ang ka-date ko ngayon.”

“Bakit naman?”

Nagkibit-balikat ang binata. “Mas relaxed ako, I guess. Kasi kung fan kita, pupunta ka dito sa date na ’to na may expectations kung sino ako at kung paano dapat ako kumilos. Sa ’yo, I can be exactly who I am na alam kong ako, si Tyler, ang kaharap mo at hindi si Joaquin o si Keith.”

“Ah, sorry. Sino si Joaquin?” nahiihiya niyang tanong, clueless.

Malakas na tumawa ang binata. “See? That’s exactly what I mean. Si Joaquin ’yung character ko sa teleserye. Si Keith ’yung sa upcoming movie.”

“Ay, sorry,” napahiya niyang turan, namumula ang mga pisngi. “Promise, magma-marathon ako ng mga pelikula mo sa susunod na restday ko.”

Umiling si Tyler. “Naku, huwag! Promise, okay

na 'tong wala kang alam sa mga pinagsasasabi ko pagdating sa mga ginagawa ko.”

“I’m sure magsasawa ka ring makipag-usap sa ’kin kung lahat na lang ng sabihin ko ay ‘ano ’yun?’ sa tuwing may babanggitin ka sa ’kin tungkol sa trabaho mo.”

Assuming mag-uusap pa tayo pagkatapos ng date na ’to.

Ngumisi ang binata. “Well, siguro paminsan-minsan gusto ko namang marinig sa ’yo na magaling ako sa ganitong scene or something, pero okay na ’yung paisa-isa. Baka lumaki masyado ang ulo ko.”

“Well, gusto ko ang acting mo d’un sa commercial mo ng facial wash,” biro ni Alyssa. “Parang feel na feel mong malinis ang mukha mo.”

Kumindat si Tyler sa kanya. “Kung gusto mo ng acting, d’un ka sa commercial ko ng fast food mamangha. Sarap na sarap ako sa pagkain nila sa commercial na ’yun pero ang deepest, darkest secret ko ay *Jolly Spaghetti* talaga ang paborito ko.”

Suminghap si Alyssa, nanlalaki ang mga mata. “Traydor ka! Lagot ka sa ’kin. May pang-blackmail na ako sa ’yo.”

Malakas silang tumawa at nagpatuloy sa pagkain at kuwentuhan. Patagong pinagmasdan ng dalaga ang lalaki. Nagulat siya rito, sa totoo lang. Siguro tama ito na ang nakita lang niya rito ay ang lalaking gumaganap na Joaquin o Keith, 'yung artista at commercial model. Hindi niya inasahang iba at mas interesante si Tyler sa ilalim ng lahat ng mga roles na iyon.

Base sa nakita niya sa maiksing panahon na magkasama sila, habang confident ito sa sariling talento at hindi insecure, hindi ito arogante. Hindi ito mayabang pagdating sa kasikatan o sa kaguwapuhan nito.

Nag-alala tuloy si Alyssa. Crush ito ni Giselle at lahat ginawa niya para masigurong hindi sila magkakaroon ng crush sa iisang lalaki dahil... well, asa pa siya kung pareho sila ng lalaking gusto ng kanyang best friend! Mas maganda, mas mayaman, mas mabait, mas girlfriend material si Giselle at walang dudang ito lagi ang pipiliin ng mga lalaking magustuhan nila pareho. Hindi siya masokista para parusahan ang sarili nang ganoon.

Ngayon, mukhang nagkaka-crush na siya nang matindi kay Tyler Castañeda.

Nang matapos ang hapunan at ang isa na namang round ng picture-taking, na-realize ni Alyssa na ayaw pa niyang umuwi. Nahiihiya lang siyang sabihin kay Tyler. Kapal naman ng mukha niya, di ba? Pero nang papalapit na sila sa SUV na nakaparada sa gilid ng kalsada, inabot ng binata ang braso niya at napatingin siya rito.

“Uhm,” nag-aalangan nitong simula. “Alam kong may coffee shop kayo pero gusto mo bang magkape muna bago tayo umuwi? Puwede ring tea, kung gusto mo.”

“Sure.” Kalmado niyang binigkas ang salitang iyon sa kabila ng kilig at excitement na nadarama.

Binalingan ni Tyler si Pauley at ang mga photographers. “At utang na loob, dito na lang kayo please? Ayaw ko nang magpa-picture.”

“Bili mo kaming kape,” tawag ng personal assistant. Mukhang iyon ang kapalit ng hindi pagbuntot ng mga ito sa kanila.

“Mga walang galang,” balik ni Tyler pero alam ni Alyssa na biro lang iyon ng binata. May closeness kasi ito at ang mga kasamahan na para bang hindi lang sila magkakatrabaho, kundi magkakaibigan din.

Pinasama nito si Pauley hanggang *Coffee Bean &*

Tea Leaf para mamili ng gusto nitong drinks para sa sarili at sa mga kasamahan.

African Sunrise Tea Latte ang inorder ni Alyssa. Iyon ang favorite niya sa naturang coffee shop at isang blend ng tsaa na gustung-gusto niyang gawin sa *Caffeine Fix*.

“Kumusta ang date?” tanong ni Pauley sa kanya habang naghihintay sila sa isang table. Nasa counter pa si Tyler, nagbabayad.

“Okay lang,” sagot niya, nakangiti na rin sa maganda at friendly na assistant ng binata. “Better than I thought it would be.”

Nang sabihin niya iyon, napatingin siya kay Tyler na nakikipagbiruan na sa na-starstruck na barista. Hindi niya alam na pinapanood pala siya ni Pauley. Nang balingan niya ito, mapanukso na ang ngiti nito sa kanya.

“Yung date o si Tyler?” tukso nito. Namula si Alyssa at tumawa dahil hindi niya alam ang sasabihin. Tumawa rin ang kausap. “Don’t worry. Normal reaction ’yan ng mga taong nakakakilala sa kanya sa personal. His fans love him kahit hindi pa nila kilala si Tyler. Kung makilala nila ’yung tunay na Tyler, mas mai-in love sila.”

Lumipat sa binata ang paningin ni Alyssa bago nagtungo kay Pauley, bago bumalik ulit kay Tyler. “Ahm, kayo bang dalawa...?”

Tumawa ang babae at tinapik ang kamay niya. “I’m crazy about him pero huwag kang mag-alala. Pinsan ko siya at kadiri ang incest.”

Tumawa na rin si Alyssa, hindi alam kung bakit parang nakahinga siya nang maluwag dahil doon.

Lumapit si Tyler sa gitna ng tawanan nila pero hindi ito nagtanong kung bakit. Tiningnan lang nito si Pauley, pagkatapos siya, bago naupo sa tabi niya.

“Paul, paano kung mauna na kayo? Magpahatid na lang kayo kay Manong Ray d’un sa van. Iwan n’yo na lang ’yung susi ng SUV sa ’kin. Ako na’ng maghahatid kay Alyssa pauwi.”

Tumaas hanggang kisame ng *Coffee Bean* ang mga kilay ni Pauley bago ito mabilis na nakabawi. Nagsimula itong ngumiti hanggang sa kahit near-sighted na dentista ay hindi mahihirapang i-check ang wisdom teeth nito. “Bili mo ’kong cake.”

Nagsalubong ang mga kilay ng binata. “Nasa lahi ba natin ang extortionists?” tanong nito pero muling tumayo para bumalik sa counter at ibinili ng cake ang pinsan.

Bumungisngis si Pauley. “Promise, super bait niyan.”

Halata nga. Halata ring mahal na mahal nito at spoiled rito ang assistant/pinsan.

Nang sa wakas ay dumating ang mga drinks para sa team ni Tyler, nagpaalam ang binata sa kanya na hintayin lang siya sa mesa nila. Ihahatid muna nito si Pauley sa sasakyan at kukunin ang susi ng SUV.

Kinuha ni Alyssa ang oras na iyon para i-categorize ang nadarama niya para sa binata. Aaminin na niyang crush na niya ito at sigurado niyang hindi iyon dahil artista si Tyler. Sigurado rin niyang pagkatapos ng gabing ito, sasamahan na niya si Giselle sa panonood ng lahat ng maaaring mapanood na naroon ang lalaki. Ang problema ngayon, maitatago ba niya sa best friend na may pagnanasa na siya sa tinatawag nitong soulmate nito?

Bumalik si Tyler at sinalubong niya ito ng ngiti. Bumuga ito ng hangin nang makaupo sa mesa nila.

“Sa wakas,” anito bago kinuha ang paper cup ng in-order nitong English Breakfast Tea. “Akala ko hindi na tayo iiwan ng mga asungot. I promise, babawi ako sa ’yo.”

Hayun na naman iyong ‘babawi’, as if magkikita

pa sila pagkatapos ngayong gabi. Pilit na itinago ni Alyssa ang kaisipang iyon sa likod ng kanyang isip habang nagsisimula na naman silang magkuwentuhan na para bang matagal na silang magkakilala.

Nang dumating ang oras na kailangan na nilang umuwi, tinulungan siya ni Tyler na makaakyat sa passenger's seat ng SUV at tahimik silang nakinig sa mahinang musika mula sa radyo.

Kung sana lang taga-Tuguegarao siya, di ba? Di sana mas mahaba pa ang biyahe nilang magkasama. Pero mayamaya lang, nasa tapat na sila ng bahay nina Giselle. Bumaba silang dalawa ng sasakyan ng binata at hinatid siya nito sa gate.

Gaya ng sinabi ni Gi, bukas ang ilaw sa bintana ng silid nito at naroon nga ang kanyang best friend. Nakita niya ang anino nitong nagtatatalon habang pinapanood sila nito sa may gate.

“Nasa bintana ang best friend ko,” sabi ni Alyssa kay Tyler matapos niyang mag-doorbell. Humakbang paatras ang binata para mas makita ang bintanang itinuro niya. Sigurado si Alyssa na narinig niyang tumili si Giselle nang kumaway ang aktor. “Gustung-gusto ka talaga niyang makilala kaya lang ’yun nga, may bulutong siya.”

Ibinaba nito ang tingin sa kanya. “Alam mo, binulutong na ako. Hindi ako mahahawa sa kanya. Kung okay lang sa kanya, p’wede ko naman siyang makilala ngayon.”

Nagulat si Alyssa. Hindi niya inaasahan iyon mula sa lalaki. Sino nga naman ba ang mag-o-offer na makilala ang isang fan na kasalukuyang may nakakahawang sakit?

“Okay lang sa ’yo?” hindi makapaniwalang tanong niya.

Ngumiti si Tyler at mas lalong nawala ang mga mata nito. “Kung okay lang sa kanya. Baka ayaw niya akong makilala ngayon. Pero kung nahiihiya siya kasi alam ko naman ang hitsura ng may chicken pox, I can take you and her out on a date sa coffee shop ng Kuya Alex mo. That way, makukuha rin niya ’yung prize na napanalunan niya.”

Kumabog nang isang beses ang puso ni Alyssa, pagkatapos isang beses pa, at isang beses pa, bago ito nag-cartwheel at nag-swandive hanggang sa kanyang paanan.

She just might have fallen in love with him.